DENR

**DENR Mimaropa Region <mimaroparegion@denr.gov.ph>**

# Re: Letter response on Request for Zoning certification

1 message

**Jane Laroza** <debie.laroza06@gmail.com> Tue, Nov 29, 2022 at 12:57 PM
To: Mayor Bongabong <municipalityofbongabong@gmail.com>
Cc: "R4B CENRO Roxas Or. Mindoro" <cenroroxasormindoro@denr.gov.ph>, "R4B PENRO Or. Mindoro" <penroor.mindoro@denr.gov.ph>, DENR CALAPAN CITY <penro_orientalmin@yahoo.com>, mimaroparegion@denr.gov.ph, och-nograles@csc.gov.ph, paio@csc.gov.ph, "CONTACT CENTER NG BAYAN (CCB)" <email@contactcenterngbayan.gov.ph>

Nobyembre 29, 2022

**HON. ELEGIO A. MALALUAN**
*Municipal Mayor*
Barangay Poblacion
5211 Bongabong, Oriental Mindoro

Mapagpalang araw po!

Unang una po, nais ko pong magpasalamat sa inyo na sa wakas ay inyo na pong nabigyan ng tugon ang liham na aming dinala sa inyong tanggapan noong Nobyembre 7, 2022 na nagmula sa CENRO Roxas.

Nais ko po ipagbigay alam sa inyo na ang nasabing lupa na may Lot No. 2259-A na may sukat na 732 metrong kwadrado na nakadeklara sa pangalan ni Gng. Rosalina L. Avila at kasalukuyang kinatatayuan ng bahay ng pamilya Laroza na aming hinihingan ng Zoning Certificate ay wala pong anumang usapin sa pagitan ng pamilya Laroza at ng Barangay na inyo pong binabanggit.

Kung ang tinutukoy niyo pong usapin ay ang usapin sa pagitan ng magkapatid na G. Rodrigo A. Laroza at Gng. Rosalina L. Avila ay ito po ay nasettle na noong Disyembre 28, 2021 at nagkaroon na po ng Amicable Settlement na akin pong ilalagay dito sa aming attachments. Kung ang tinutukoy niyo naman pong lupa na may usapin sa pagitan ng pamilya Laroza at ng Barangay ito po iyong Lot 2259-C na may sukat na 596 metrong kwadrado na nakadeklara sa Laroza bilang residential lot at regular na binabayaran ng buwis. Na noong 1997 pa lamang po sa panahon pa ng namayapang Ex-Kapitan Galos ay alam na po ng baraangay na hindi na ito ibibigay ng aking lolo na si G. Norberto E. Laroza kung kaya noong taong din po na iyon ay lumipat na at nagpagawa na ng bagong Barangay Hall at Health Center ang barangay along nautical highway. Na sa kasalukuyan po ay napakaganda na at napakarami ng improvement na bukod po sa Health Center ay meron na rin po itong Public Market, Multi-Purpose Hall at meron na rin pong Covered Court. Kompleto na po ang pasilidad ng Barangay ano pa po ang dahilan upang balikan ng barangay ang pansamantalang barangay hall na ipinahiram ng aking lolo na si Norberto Laroza? Na matapos pong ipahiram sa kanila at kanilang pakinabangan ng ilang dekada ay sa halip po na magpasalamat sila ay pag iinteresan pa nila.

Para lamang din po sa inyong karagdagang kaalaman, ang lupang pagmamay-ari ng Laroza na may sukat na 3,416 sqm ay nasurvey na ni Geodetic Engineer Rodolfo V. Dayanghirang noong Hulyo 21, 2010 at aprubado na po ng Regionaal Technical Director for Lands noong Oktobre 26, 2011. Ito rin po ay nasubdivide na sa apat na lote: ang Lot 2259-A na may sukat na 732 sqm (declared as residential lot), ang Lot 2259-B na may sukat na 786 sqm (declared as residential lot), Lot 2259-C na may sukat na 596 sqm (declared as residential lot), Lot 2259-D na may sukat na 1,302 sqm (declared as road lot para sa mga magkakapatid na Laroza). Lahat po ng ito ay aprubado na, deklarado na at regular naming binabayaran ng buwis na kung tutuusin ay advaance pa nga po ng bayad hanggang 2023.

Ito pong kabuuan na 3,416 sqm na pagmamay-ari ng Laroza ay subdivided na sa apat kung kayat ang lote na may Lot No. 2259-C na hinahabol at inaaplayan ng Barangay ay walang anumang kinalaman sa iba pang lote gaya ng Lot 2259-A na aming hinihingan sa inyong tanggapang ng Zoning Certificate.

Kaya naman po aming kagalang galang na Mayor Elegio A. Malaluan nais po naming ipaalam sa inyo na wala pong dahilan upang maantala at hindi niyo po kami mabigyan ng aming hinihinging sertipikasyon para sa Lot 2259-A. Personal na rin po akong nagtungo sa Municipal Planning and Development Office (MPDO) at sabi po ng kanilang mga empleyado na nakita naman po nila at malinaw naman po na ibang area ang tinutukoy niyong may usapin kaya maging sila ay nagtataka kung bakit hindi niyo pa rin sila pinahihintulutan magbigay ng sertipikasyon. Gayon din po ang MPDO head noong makausap ko noong Nobyembre 24, 2022 ay nahihiya na rin po sa amin at sobrang naaantala at naaabala na po kami ngunit hindi pa po siya makapagpasya at makapag release ng certificate sapagkat inaantay niya pa po ang inyong desisyon at command.

Kung ang nais niyo po ay verification ng lahat ng dokumento ay may access naman po kayo sa lahat ng ahensya, madali niyo po ito mahihingi at malalaman. Nariyan lang din naman po malapit sa inyong opisina ang Assessor's Office maging ang

Zoning Office, napakalapit din po ng CENRO Roxas at pwede niyo rin po icheck sa Tax Mapping sa Calapan kung inyong nanaisin.

Sana naman po ay inyo nang matugunan ang aming transakyon ng tama at maayos sa lalong madaling panahon sapagkat kami po ay labis ng naaantala at naaabala. Dalawampo't dalawang (22) araw na rin po ang aming ipinaghihintay sa inyo.

Para naman po sa Lot 2259-C, maaari niyo po ba kaming bigyan ng mga attachments ng mga dokumento o titulo na pinanghahawakan ni Kapitan Delio Del Rosario na nagsasabi at nagpapatunay na pagmamay-ari nila ang Lot 2259-C? Kasi hindi po pwede na basta niyo na lang iaantala ang isang transaksyon dahil lang sinabi ni Kapitan Delio Del Rosario at basta na lamang kayo maniniwala sa hearsay kahit wala naman pong dokumentong maipakita at mailahad na magpapatunay na pagmamay-ari nga nila ang nasabing lupa. Hindi po pwedeng ganon. Alamin niyo po muna kung may pinanghahawakan ba siyang dokumento at kung may karapatan ba siyang tumutol bago niyo po iantala ang aming transksyon sapagkat kami ay kompleto dokumento at lehitimong galing sa CENRO at sila mismo ang nagproseso nito ay basta niyo lamang aantalain at aabalahin ng dahil lang sa isang politiko na si Kapitan Delio Del Rosario na wala namang alam at kinalaman sa pagproseso ng CENRO at wala namang jurisdiction pagdating sa usapin na ito.

Labis po kaming umaasa na inyo nang mabibigyan ng tugon ang aming transaksyon sa lalong madaling panahon sapagkat tunay na mahaba na rin po ang panahong aming pinaghihintay.

Maraming Salamat po. Pagpalain nawa kayo ng Poong Maykapal!

Lubos na gumagalang,
*DEBIE JANE COMIA LAROZA*

On Tue, Nov 29, 2022 at 9:05 AM Mayor Bongabong <municipalityofbongabong@gmail.com> wrote:


> Hi,
> Good day!
> Kindly see attachment and acknowledge receipt of this email.
> Thank you.
> Office of the Mayor - LGU Bongabong

---

**10 attachments**



**KASUNDUAN (Rodrigo A. Laroza & Rosalina L. Avila).jpg**
163K



**Approved Surveyed Plan.jpg**
208K

**Lot 2259-A Tax Declaration.jpg**
242K





**Lot 2259-B Tax Declaration.jpg**
255K



**Lot 2259-C Tax Declaration.jpg**
282K




**Lot 2259-D Tax Declaration.jpg**
246K




**Certification of Tax Payment up to 2023.jpg**
207K

**Letter from CENRO Roxas to MAYOR ELEGIO MALALUAN.jpg**
123K





**Follow-up Letter to Mayor Elegio A. Malaluan.jpg**
77K



**Follow-up Letter to MPDO.jpg**
51K